



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2023-0014
Title	<u>Implementation of Shadow Billing for the Transition to Diagnosis-Related Groups (DRG)</u>

Tanong	Sagot
1. Ano ang DRG?	<p>Ang DRG ay isang patient classification system para ikategorya ang mga pasyente na may mga katulad na diagnosis para mas mabuting matukoy ang halaga ng benepisyong babayaran ng PhilHealth sa mga health facility para sa inpatient care ng pasyente.</p> <p>Gagamitin ng DRG ang lahat ng impormasyon tungkol sa pasyente, tulad ng edad at kasarian, kasama na ang kanyang pangunahing sakit (primary diagnosis), lahat ng mga karagdagang sakit (secondary diagnosis o co-morbidities), at lahat ng mga clinical procedure na isinagawa habang siya ay nasa health facility. Ang mga datos na ito ay magiging basehan sa halagang ibabayad ng PhilHealth sa mga health facility.</p>
2. Ano ang Shadow Billing?	<p>Ang Shadow Billing ay isang proseso ng pagsusuri ng sistema sa pagbabayad ng benepisyo gamit ang DRG. Ang naturang pagbabayad ay nakasaad sa Universal Health Care Act na ipatutupad ng PhilHealth bilang bahagi ng mga reporma sa pagbabayad sa mga health providers.</p> <p>Ang mga health facility na nais lumahok sa Shadow Billing ay kailangang magsumite ng karagdagang datos gamit ang interim DRG claim form o Claim Form 5 (CF5) para maisumite ang mga datos na kinakailangan para sa DRG. Ito ay tinatawag na Shadow Billing dahil ang All Case Rates (ACR) pa rin ang basehan ng pagbabayad, ngunit kalakip ang mga mahahalagang impormasyon para mabuo ang DRG.</p>
3. Bakit kailangan ng PhilHealth magsagawa ng Shadow Billing?	<p>Ang mga datos na makokolekta rito ay gagamitin para mabuo ang DRG rates o batayan ng pagbabayad ng PhilHealth sa mga health facility. Ang mga datos ay gagamiting basehan upang maging tugma ang sistema ng DRG sa Philippine clinical practice.</p> <p>Bukod pa rito, susuriin din ang IT system ng DRG para tiyaking wasto ang mga datos bago simulan ang pagbabayad gamit ang DRG.</p>



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2023-0014
Title	<u>Implementation of Shadow Billing for the Transition to Diagnosis-Related Groups (DRG)</u>

Tanong	Sagot
4. Sino ang mga pwedeng sumali sa Shadow Billing?	Mga accredited health facility na may kakayahang magsumite ng mga inpatient claims gamit ang PhilHealth Electronic Claims o eClaims.
5. Paano sumali ang mga health facility sa Shadow Billing?	Iaanunsyo ng PhilHealth kung paano sumali sa Shadow Billing sa pamamagitan ng isang opisyal na pahayag o advisory.
6. Mandatory ba ang Shadow Billing para sa lahat ng mga health facility?	Hindi. Ngunit hinihikayat na sumali ang mga health facility, lalo na ang mga gumagamit na ng eClaims, dahil ang datos na makokolekta ng PhilHealth ay makatutulong sa pagbuo ng DRG na magiging pamamaraan ng pagbabayad ng PhilHealth kinalaunan.
7. Mawawala na ba ang All Case Rates kapag sumali sa Shadow Billing ang health facility?	Hindi. Tuloy ang pagbabayad ng PhilHealth gamit ang ACR. Ito pa rin ang magiging batayan ng PhilHealth para bayaran ang mga inpatient claims na ng mga health facility.
8. Ano ang mga kailangan ihanda ng mga health facility para makasali sa Shadow Billing?	Ang health facility ay kailangang mag-upgrade ng eClaims System para makapagsumite ng electronic Claim Form 5. Bukod dito, kailangan ding magsanay ng lahat ng clinical coder para sa pagtatala ng detalye ng pasyente sa electronic Claim Forms.
9. Tataas ba ang bayad ng PhilHealth sa mga health facility kapag ito ay sumali sa Shadow Billing?	Hindi magbabago ang halaga ng ACR na ibabayad ng PhilHealth sa mga health facility habang nasa Shadow Billing. Ngunit gagamitin ang mga makakalap na datos para sa DRG upang mas maging akma ang pagbabayad ng PhilHealth para sa mga serbisyo at gamot na ibinigay ng health facility sa pasyente.
10. Magkakaroon ba ng training o capacity building para sa mga health facility na nais sumali sa Shadow Billing?	Oo. Palalaksin ng PhilHealth ang kapasidad ng mga sasali sa Shadow Billing sa pamamagitan ng mga training. Ang detalye ng mga ito ay iaanunsyo ng PhilHealth sa isang opisyal na pahayag o advisory.